


5

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 4:
Matapat na Paggawa sa Proyektong
Pampaaralan



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 4: Matapat na Paggawa sa Proyektong Pampaaralan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Jeremiah G. Miralles, Maria Fe P. Alas

Editor: Caridad P. Baginon, Farrah R. Delfin, Teodorico C. Peliño Jr.

Tagasuri: Juliet L. Lim, Gretel Laura M. Cadiong, David C. Alcober, Lita V. Jongco,
Raquel B. Brigoli

Tagaguhit: Crisanto Lopera, Jingerlou D. Inot

Tagalapat: Gualberto R. Gualberto Jr.

Laguage Editor: Farrah Rudas-Delfin

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Amenia C. Aspa
Mariza S. Magan
Edgar Y. Tenasas
Mark Chester Anthony G. Tamayo
Gretel Laura M. Cadiong
Ranulfo L. Baay
Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 - 323 – 3156

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Unang Markahan – Modyul 4:
Matapat na Paggawa sa Proyekto ng
Pampaaralan**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao-5** ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul para sa araling **Matapat na Paggawa sa Proyektong Pampaaralan**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan sila ng pamahalaan sa kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Edukasyon sa Pagpapakatao-5** ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul ukol sa **Matapat na Paggawa sa Proyektong Pampaaralan**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan sss ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit kailangan mong mag-aral? Ano ang kabutihang dulot nito upang mapaunlad ang iyong sarili? Pangunahing dahilan ng ating pag-aaral ay upang matuto tayo. Matuto ng maraming bagay na maaari nating kailanganin at pakinabangan sa pagharap natin sa mga hamon ng buhay. Sa paaralan din higit na hinuhubog at pinag-aaralan ang wastong pakikisalamuha sa ibang tao.

Ang pagiging matapat sa anumang gawaing naghihintay at nakalaan sa atin ay dapat na ipakita sa lahat ng pagkakataon. Bilang mag-aaral, dapat nating gawin ng may katapatan ang mga proyekto o gawaing pampaaralan na ibinibigay ng guro sa atin, nakikita man nila tayo o hindi.

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakapagpapakita ng matapat na paggawa sa mga proyektong pampaaralan.
- Natutukoy ang pahayag na nagpapakita ng matapat na paggawa sa mga gawain sa paaralan.
- Naiisa-isa ang mga gawaing nagpapakita ng katapatan sa pag-aaral.



Subukin

Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang tsek (✓) kung sang-ayon ka sa pahayag at ekis (X) kung hindi.

1. Mahalagang bahagi ang tagumpay ng isang proyekto kung magkakaisa ang mga miyembro ng pangkat.
2. Ang pagkakaniya-kaniya ng mga miyembro ng pangkat ay makabubuti sa lahat.
3. Ang lider ng pangkat ang dapat masusunod.
4. Kailangang pagplanuhan muna ang gagawing proyekto bago umpisahan.
5. Mahalaga sa pangkat ang opinyon ng bawat miyembro.

6. Ang palaging pagsalungat sa opinyon ng mga miyembro sa pangkat ay tanda ng pagiging isang lider.
7. Ang pagkakaisa ay maaaring maipakita sa tahanan.
8. Hindi dapat umamin sa kasalanang nagawa ng isang miyembro kahit alam mo ang totoo.
9. Ang pagbibigay-puna sa hindi mabuting gawi ng miyembro ay dapat na gawin sa patagong paraan para hindi mapahiya.
10. Ang pagsunod sa gusto ng nakararami sa pangkat ay tanda ng pagkakaisa ng bawat kasapi, kahit alam mo na hindi maganda ang nais.

Aralin 1

Matapat na Paggawa sa Proyektong Pampaaralan

Ang katapatan sa lahat ng pagkakataon ay hakbang sa kaunlaran at tagumpay. Bilang mag-aaral gumawa ng bagay na ikalulugod ng kapuwa, upang tularan at magsilbing huwaran.



Balikan

Basahing mabuti ang mga sumusunod na sitwasyon. Iguhit ang masayang mukha 😊 kung ito ay **nagpapakita ng katapatan** at malungkot na mukha ☹ kung ito ay **hindi nagpapakita ng katapatan**.



1. Nag-aral ka ng mabuti dahil alam mong may pagsusulit kinabukasan.
2. Nangopya ka ng sagot sa kaklase upang tumaas ang iyong iskor sa Edukasyon sa Pagpapakatao.
3. Ibinigay mo sa guro ang nakita mong pitaka sa paaralan dahil hindi mo alam kung sino ang may-ari nito.
4. Sinabi mo sa guro na kaya ka lumiban sa klase ay dahil nagkasakit ka ngunit ang totoo ay naglaro ka lamang sa bahay.

5. Nagsasabi ka ng totoo sa guro kung hindi mo naiintindihan ang kaniyang leksyon.



Tuklasin

Pag-aralan ang sumusunod na larawan. Sundin ang talahanayan sa pagsagot sa mga tanong. Sagutin ito sa sagutang papel.



	Ano ang ginagawa ng mga mag-aaral?	Matapat ba sila sa kanilang tungkulin? (Oo o Hindi) at Bakit?	Ano ang sasabihin mo sa kanila?
Larawan 1			
Larawan 2			
Larawan 3			

Gawin A. Pag-aralan at suriin ang bawat sitwasyon. Ano ang dapat gawin para maipakita ang katapatan? Isulat sa iyong kwaderno ang sagot.

1. Nagbigay ng pagsusulit sa EsP ang inyong guro. Nakita mong nagkokopyahan ng sagot ang dalawa mong kaklase. Ano ang gagawin mo?
2. May ibinigay na pangkatang gawain para sa isang proyekto ang inyong guro. Isa ka sa may kakayahan at may ideya upang mapaganda ang kalalabasan ng inyong gagawin. Paano mo ito maibabahagi sa iyong mga kagrupo?

3. Naisipan ng iyong mga kaklase na mag *group study* para sa nalalapit na pagsusulit. Nais mong sumali sa kanila subalit hindi ka pinayagan ng iyong ina. Ano ang gagawin mo?

Gawin B. Sumulat ng isang kasabihan o salawikain na nagpapakita ng katapatan sa mga gawain sa paaralan.



Suriin

Bilang isang mag-aaral mahalagang malaman mo ang maaaring epekto ng mabuti at di-mabuting saloobin sa pag-aaral. Halimbawa, ang paggawa ng may katapatan sa mga gawain o proyektong pampaaralan tulad ng pakikilahok sa mga pangkatang gawain, pagbabahagi ng ideya sa kaklase upang mapadali ang pagpasa ng proyekto sa takdang oras at marami pang iba. Kung ang lahat ng mga gawaing iniatas sa iyo ay ginagampanan mo nang buong husay at katapatan, tiyak na maganda ang kalalabasan nito.

- A. Basahin ang akrostik sa ibaba. Pag-aralan kung paano naipapakita ang katapatan at ang mabuting naidudulot nito sa pag-aaral.

Batang Matapat

Sinulat ni: Juliet Lugas Lim, EdD

B...bata man kung ituring
A...aking isip ay lilingin
T...tatandaan ang dapat gawin
A... araw-araw lagi itong iisipin.
N...nagagawa ng tama mga mumunting bagay
G...galing at talino laan lagi sa kapwa ko
M...magiliw makihalubilo
A...ay talagang likas at natural.
T...tatahakin kong landas magulang at guro ang siyang gagabay
A...angking talino kanyang huhubugin.
P...pag-asa ng bayan
A...aking isasabuhay
T...tamang gawi pagsusumikapang lagi.

B. Alalahanin ang isang pangyayaring naranasan mo na sa iyong buhay na may kinalaman sa pagpapakita ng katapatan sa paggawa ng proyekto sa paaralan.



Pagyamanin

Ang batang matapat sa mga gawaing inaatas sa kanya ay kinalulugdan ng Diyos. Bilang isang mag-aaral, dapat nating isipin na anumang mga gawaing ipinapagawa sa atin ay gawin natin ng buong husay at katapatan. Lagi nating tandaan na ang lahat ng ating ginagawa ay para sa ating sarili, sa ating kapuwa, at higit sa lahat ay para sa Diyos.

Isa-isip natin na kung ano ang ating ginagawa sa kapwa ay ginagawa din natin sa Diyos. Marapat lamang na kumilos tayo ng may pananalig sa poong maykapal at maging responsable sa lahat ng ating gagawin upang maging maka kabuluhan ang ating sarili at magsilbing inspirasyon sa kapuwa.

Bilang isang matapat na mag-aaral, paano mo maibabahagi sa iyong kapwa mag-aaral ang kabutihang naidudulot ng matapat na paggawa sa mga proyektong pampaaralan?



Isaisip

Kopyahin sa inyong kuwaderno ang talahanayan. Isulat ang mga salitang angkop para mabuo ang ideya.

Maipakikita ko ang pagiging matapat sa paggawa sa mga gawain sa paaralan sa pamamagitan ng :	Hihikayatin ko ang ibang mag-aaral na maging matapat sa mga proyektong pampaaralan sa pamamagitan ng:
1	1
2	2
3	3
4	4



Isagawa

Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang bilang ng pangungusap na nagpapakita ng mabuting gawi at katapatan sa pag-aaral.

1. Nakikinig ako sa aking guro.
2. Pinapa-*photocopy* ko ang mga tala mula sa kuwaderno ng aking mga kamag-aral sa halip na sumulat ako ng sariling mga tala.
3. Ginagawa ko ang aking proyekto upang matapos ito sa takdang-oras.
4. Kumokopya ako ng mga ideya mula sa *internet* para ipasa bilang aking proyekto.
5. Humihingi ako ng dagdag na paliwanag at may respeto sa aking guro kapag hindi ko naintindihan ang aralin.
6. Malakas akong magpatugtog ng musika habang gumagawa ng takdang-aralin.
7. Ibinabahagi ko ang aking ideya sa aking mga kapangkat kapag may inatas sa aming gawain.
8. Naghihintay ako ng takdang- araw bago ako magpasa ng proyekto.
9. Kusang-loob kong tinutulungan ang aking mga kamag-aral kapag hindi nila maintindihan ang aralin.
10. Nagbabasa at nagbabalik-aral ako nang maraming ulit bago ang pagsusulit.



Tayahin

Isulat ang salitang **Matapat** kung ang diwang ipinapahayag ng pangungusap ay nagpapakita na matapat na paggawa sa proyektong pampaaralan at **Di-Matapat** kung hindi.

1. Sumasali sa pagbuo ng plano kung paano gagawin ang isang proyekto.
2. Dinadala mo ang mga gamit ninyo sa bahay para sa proyekto nang hindi nagpaalam sa iyong mga magulang.
3. Paglalaan ng libreng panahon sa proyekto kapag walang gaanong pinagkakaabalahan.
4. Dumadalo sa pagpupulong ng pangkat sa tamang oras.
5. Ginagawa ang takdang-aralin at ginagawa ang proyekto pagkatapos.
6. Hinihikayat ang mga kapangkat na magtulong-tulong mula umpisa hanggang matapos.
7. Laging hindi tinatapos ang dinadaluhang pagpupulong ng mga miyembro ng pangkat.
8. Inaalam ang bawat detalye ng gagawing proyekto.
9. Pantay-pantay ang paghahati sa mga gawain.
10. Inuutusan ang ibang miyembro na tulungan ka sa proyekto.



Karagdagang Gawain

Gumupit ng larawan na nagpapakita ng katapatan sa paggawa ng proyektong pampaaralan.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. /	6. X
2. X	7. /
3. X	8. X
4. /	9. /
5. /	10. X

Pagymanin
(Posibleng sagot)

Sasali sa lahat ng mga pangkatang gawain ng may lubos na pag-alay ng sariling ideya.


Tuklasin
(Posibleng sagot)

Ano ang ginagawa ng mga mag-aaral?	Sumasali sa pangkatang gawain	Larawan 1	Kailangan nating gawing tama ang ating Gawain
Ano ang kanilang tungkulin? (Oo o Hindi) at Bakit?	Oo, dahil sila ay sumasali sa talakayan	Larawan 2	Dapat hindi nagche-cheating, dapat nag-aral ng aralin.
Matapat ba sila sa kanilang mga ginagawa ng mga mag-aaral?	Hindi, dahil ang isang mag-aaral ay kumukopya ng sagot sa katabi sa laro	Larawan 3	Dapat sumali sa pangkat para makabuo ng kabigyan

(Posibleng sagot)

1. Pagsasabihan ang mga kamag-aral.
2. Sasali sa gawain nakahanda.
3. Ipaliwanag sa mga kaklase na hindi ka pinayagan.

(Posibleng sagot)
"Mag-aaral ng maigi at ng buhay ay bumutt"

<p style="text-align: center;">Balikan</p> 	<p style="text-align: center;">Surtin</p> <p>(Posibleng sagot)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Isip ay lilinangin • Tatandaan ang dapat gawin • Nagagawa ang munting bagay • Galing at talino laan sa kapwa • Magiliw makihalubilo • Magpapagabay sa guro • magsusumikap • laging ginagawa ang mga takdang aralin 	<p style="text-align: center;">Isagawa</p> <p>1, 3, 5, 7, 9, 10</p> <p style="text-align: center;">Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. matapat 2. di-matapat 3. matapat 4. matapat 5. matapat 6. matapat 7. di-matapat 8. matapat 9. matapat 10. di-matapat
---	---	---

Isaisip	
Hihikayatín ko ang ibang mag-aaral na maging matapat sa mga proyektong pampaaralan sa pamamagitan ng:	Maipakikita ko ang pagiging matapat sa paggawa sa mga gawain sa paaralan sa pamamagitan ng :
1. lagging mag-aral ng mga aralin	1. pagsali sa gawain ng tama
2. sumali sa gawain pampaaralan	2. tutulong sa guro sa munting bagay na kaya kong gawin

Sanggunian

Department of Education. 2016. *K to 12 Curriculum Guide in Edukasyon sa Pagpapakatao 5*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Region Item Bank for Edukasyon sa Pagpapakatao 5*. Philippines: Department of Education.

Ylander, Zenaida R. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Quezon City: Vibal Group, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph